



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Enero 11, 2018

KOKONTAKIN: Tina Landis - 415.749.4900

Inayos ng Distrito ng Hangin ang kaso sa Bio-Rad Laboratories, Inc. *Magbabayad ang kumpanya ng \$990,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin*

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na pumayag ang Bio-Rad Laboratories, Inc. na magbayad ng \$990,000 para ayusin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa pasilidad nito sa Hercules.

Kabilang sa pag-aayos ang mga paglabag na nangyari sa Bio-Rad Laboratories mula 2003 hanggang 2014 para sa hindi pagsunod sa pasilidad nito.

“Ang masalimuot na mga pasilidad, tulad ng Bio-Rad ay dapat sumunod sa lahat ng regulasyon at mga kondisyon ng pahintulot sa buong sistema nila,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang malaking multa na ito ay titiyaking sumusunod ang pasilidad para sa pananaliksik ng agham tungkol sa mga may buhay na bagay sa kanilang mga kinakailangan sa pagpapatakbo magmula ngayon.”

Ang Distrito ng Hangin ay naglabas ng mga paglabag sa kalidad ng hangin kaugnay sa pagkakabit, pagsisimula, pagpapatakbo, pagpapanatili at pagsubaybay ng tatlong pinapahintulutang co-generation system, kung saan ang bawat isa ay may kasamang internal combustion engine na pinatatakbo ng natural na gas at nauugnay na kagamitan. Itinigil kaagad ng Bio-Rad ang kanilang co-generation system matapos na matukoy na hindi sila sumusunod sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin.

Kasama sa mga abiso ng paglabag ang:

- Pagpapatakbo ng tatlong co-generation engine na pinatatakbo ng natural na gas nang hindi gumagamit ng pambawas na mga catalytic converter, na nagreresulta sa labis na nitrogen oxide, carbon monoxide at mga paglalabas ng hydrocarbon na hindi methane;
- Hindi nagsagawa ng tatlong panimulang pagsusuri ng pinagmumulan sa mga cogeneration engine; at
- Hindi sinuri ang mga paglalabas ng nitrogen oxide at carbon monoxide mula sa mga co-generation system nang tuwing tatlong buwan.

Itinama ang mga paglabag na humantong sa pag-aayos na ito. Ang lahat ng pondo sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga programa ng Distrito ng Hangin.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

